**FILIPINO 6**

Basahin ang kwento.

## Alamat ng Lamok

Segundo D. Matias, Jr.



Noong unang panahon, may isang magandang prinsesa. Siya ay si Prinsesa Lam-Ok, ngunit siya ay mainipin. Kapag siya ay naiinip, kung anu-ano ang kaniyang mga ginagawa. Minsan ay nanghuhuli siya ng gagamba, o kaya naman ay pinag-aaway niya ang aso at pusa. Minsan naman ay humihiling siya ng malakas na ulan. Siya ay natutuwa tuwing may nasisira sa sobrang lakas ng hangin at ulan.

Si Prinsesa Lam-Ok ay may laruang espada, ito ay matulis. Minsan ay nainip siya kaya tinusok niya ang kanilang mga utusan. Dahil dito ay palagi siyang napapagalitan sa hari. Pero kapag naman aalis ang hari, itutuloy na naman ni Prinsesa Lam-Ok ang pagtusok sa mga utusan.

Isang araw, sa sobrang inip ni Prinsesa Lam-Ok ay pinag-away niya ang dalawang kusinera. Pinaniwala niya na sinabi raw ng isang kusinera na hindi masarap ang kaniyang luto. Sila ay nag-away at nagkasakitan, dahil dito ay pinaalis sila ng hari sa palasyo at tuwang-tuwa ang prinsesa sa nangyari.

Sa mga sumunod na araw, nainip na naman ang prinsesa. Kaya pinuntahan niya ang lider ng mga sundalo at sinabing ayon sa isang sundalo, hindi raw siya magaling na lider. Ganoon din ang sinabi niya sa isa pang sundalo.

Hindi alam ng hari na bumuo ng mga grupo ang lider at sundalo. Isang gabi, ay nagising ang hari at reyna sa sobrang ingay. Naglalaban-laban ang mga sundalo. Marami ang namatay, kasama dito ang lider at ang nakaaway niyang sundalo. Tuwang-tuwa si Prinsesa Lam-Ok sa nangyari.

Hindi pa nakuntento ang prinsesa at binalak niya pang pag-awayin ang hari at reyna, doon ay nalaman ng hari kung bakit nangyari ang lahat ng iyon sa kanilang kaharian. Ang lahat ng iyon ay dahil kay Prinsesa Lam-Ok. Napilitan ang hari na

parusahan ang prinsesa nang biglang kumidlat nang malakas. Tumakas ang prinsesa at magmula noon ay wala nang nakakita sa kaniya.

Lumipas ang ilang mga araw, mayroong isang insekto ang lumalapit sa mga tao. Ang insektong ito ay nanunusok at sinisipsip ang dugo ng mga tao. Kaya naaalala nila na si Lam-Ok iyon. Hindi nagtagal ay tinawag itong lamok.

A. Sagutan ang mga sumususnod na tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang pangalan ng prinsesa sa kwento?

   a. Law-Ok
   b. Lam-Ok
   c. Lam-Ang

2. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa prinsesa?

   a. Ang prinsesa ay mainipin at salbahe.
   b. Ang prinsesa ay mabait at palakaibigan.
   c. Ang prinsesa ay masunurin at mahilig maglaro.

3. Ano ang paboritong paglaruan ng prinsesa?

   a. ang mga hayop
   b. ang mga libro niya
   c. ang kaniyang espada

4. Paano pinag-away ng prinsesa ang mga kusinera sa kanilang kaharian?

   a. Sinabi niya na tamad daw magluto ang isang kusinera.

b. Sinabi niya na nagnakaw daw ng pagkain ang isang kusinera.

c. Sinabi niya na ayon sa kasama niya, hindi raw masarap magluto ang isang kusinera.

5. Ano ang ginawang solusyon ng hari nang mag-away ang dalawang kusinera?

a. Pinarusahan niya si Lam-Ok.

b. Pinagawan niya ng ibang trabaho ang mga ito.

c. Pinaalis niya sa kaharian ang dalawang kusinera.

B. I-type ang **Tama** kung ang pangungusap ay naaayon sa kwento, o **Mali** naman kung hindi.

__________6. Pinag-away ng prinsesa ang mga sundalo at ang kanilang lider dahil siya ay naiinip.

__________7. Maraming namatay sa naging away nila, pero nakaligtas ang lider at ang sundalo.

__________8. Natutuwa si Prinsesa Lam-Ok tuwing may nangyayaring hindi maganda.

__________9. Napagdesisyunan ng hari na kailangan niyang parusahan ang prinsesa dahil sa mga ginawa niya.

Sagutin ang tanong. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

10. Bakit kailangang maparusahan ang prinsesa?